

## FACT SHEET

### Kayo ba ay isang may-ari o tagapamahala ng gusali sa Seattle na may espasyong higit sa 20,000 talampakang kwadrado?

Hinihiling sa inyo ng batas sa Benchmarking ng Lungsod ng Seattle na iulat ang paggamit ng enerhiya ng inyong gusali bawat taon. Ang benchmarking ay pagsusukat at paghahambing ng enerhiya ng inyong gusali sa mga katulad na gusali, nakaraang pagkonsumo, o batayan ng antas ng pagganap.

#### PAANO IULAT ANG PAGGAMIT NG ENERHIYA NG INYONG GUSALI

**Upang sundin ang Batas ng Energy Benchmarking, kailangan ninyong:**

**Gamitin** ang United States Environmental Protection Agency (U.S. EPA) ENERGY STAR® Portfolio Manager® na gamit upang sukatin ang paggamit ng enerhiya ng inyong mga gusali. Ito ay ginagamit upang mag-ulat ng kabuuang kuryente, natural na gas, singaw at iba pang mga utility. Para gamitin ang ENERGY STAR® Portfolio Manager® na gamit, kakailanganin ninyo ang laki ng inyong gusali, adres, kung kailan ito itinayo, para saan ito ginagamit, at kung gaano sa gusali ang ginagamit para sa layuning iyon.

**Iulat** ang data ng paggamit sa enerhiya ng kanilang buong gusali sa Lungsod ng Seattle bawat taon sa pagsapit ng ika-1 ng Hulyo.

**Magbigay** ng ulat ng benchmark ng gusali sa sinumang kasalukuyan o hinaharap na nangungupahan, mamimili, o tagapagpahiram sa pananalapi, kung hihilingin.

#### BAKIT SUSUKATIN ANG PAGGAMIT NG ENERHIYA NG INYONG GUSALI

**Bakit hinihiling ng Lungsod ng Seattle ang benchmarking?**

Ang paggamit ng enerhiya ng inyong gusali ay bahagi ng mga greenhouse gas emission ng Seattle. Sa pagsusukat nito, maaari nating mabawasan ang epekto ng ating lungsod sa klima. Narito kung paano ito nakakatulong:

- Ipinapakita nito sa inyo kung gaanong kahusay gumagamit ng enerhiya ang inyong gusali at kung saan kayo makakatipid ng enerhiya.
- Nagbibigay ito sa mga negosyo at mga customer ng mas

mabuting impormasyon kung sila ay namimili o nangungupahan.

- Binabawan nito ang mga gastos sa enerhiya at binabawasan ang greenhouse gas.
- Sinusubaybayan nito ang ginagawa ng Seattle sa pagbabawas ng paggamit ng enerhiya at polusyon sa klima.
- Nakakatulong ito na gustuhin ng mga tao ang higit na matipid sa enerhiya na mga gusali.

#### PAG-UULAT NG DATA NG INYONG NANGUNGUPAHAN

**Paano ninyo iuulat ang paggamit ng enerhiya ng inyong nangungupahan?**

Seattle utilities (**Seattle City Light, Puget Sound Energy, at CenTrio Energy**) ay nag-aalok ng mga upload ng buod ng paggamit sa enerhiya ng gusali direkta sa [Portfolio Manager]®. **Kailangang magsumite ang mga may-ari ng isang enrollment na aplikasyon sa kanilang utility upang makatanggap ng awtomatikong pag-upload ng data.**

#### PAGKUMPIRMA NG PAGSUNOD

**Paano Kinukumpirma ng Seattle ang Pagsunod?**

Kapag sinusukat ninyo ang paggamit ng enerhiya ng inyong gusali sa ENERGY STAR® Portfolio Manager®, binibigyan kayo nito ng dalawang numero. Sinasabi ng EUI kung gaano ang enerhiya na ginagamit ng inyong ari-arian. Kung mas mababa ang EUI, mas mabuti. Ipinapakita ng marka ng ENERGY STAR® kung gaanong kahusay ang inyong gusali. Kung mas mataas ang marka, mas mabuti. Kailangan naming makakita ng EUI na nagtatapos sa Disyembre upang makasigurado na nagawa ninyo

ang inyong taunang pag-uulat.

**Aming inilalathala ang data sa pagsunod at mga ulat sa Seattle Energy Benchmarking bawat taon.** Makikita ninyo ang data ng inyong gusali sa[[seattle.gov/energybenchmarkingmap](http://seattle.gov/energybenchmarkingmap)].

**MAYROONG LIBRENG TULONG:** Gusto ba ninyo ng karagdagang impormasyon sa inyong wika?

[[energybenchmarking@seattle.gov](mailto:energybenchmarking@seattle.gov)] o [206-727-8484]

TUMAWAG o MAG-EMAIL para humingi ng mga isinaling materyal o tulong sa inyong wika.

